



ANG

# Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas  
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Taon XXXV Blg. 8  
Abril 21, 2004

[www.philippinerevolution.org](http://www.philippinerevolution.org)

## Editoryal

# Paghandaan ang pagpapatupad ng JMC

**N**akapagpulong na ang Joint Monitoring Committee (JMC) na siyang mangangasiwa sa implementasyon ng Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL).

Kapakipakinabang sa sambayanan at rebolusyon ang pagbubuo at pagpapagana ng JMC laluna sa harap ng paparaming kaso ng pasistang abuso kaakibat ng pag-igting ng "gera laban sa terorismo." Ito ang tatanggap at mag-iimbestiga sa mga reklamo ng paglabag sa CARHRIHL.

Ang CARHRIHL ay umiiral bilang mahalagang dagdag na pamantayan sa paggalang sa mga karapatang-tao at internasyunal na makataong batas.

Nilalaman nito ang buong saklaw ng mga karapatang-tao na kinabibilangan ng mga karapatang sibil at pampolitika, pang-ekonomya, panlipunan at pangkultura. Batay ito sa pinagdaanan at mga kongkreto ng karanasan ng sambayanang Pilipino at sa umiiral na sitwasyon sa bansa.

Taliwas ang CARHRIHL sa kasalukuyang konduktu ng isinasa-gawang kontra-rebolusyonaryong



digma ng estado na walang sinasantong batas.

Makatutulong ang CARHRIHL bilang dagdag na gabay at mga paalala sa mga rebolusyonaryong pwersa kaugnay ng mahusay na konduktu sa pagharap nila sa masa at sa kaaway. Sa pagtalima rito, higit nating maipakikita na ang Partido at BHB ay prinsipy-

do, disiplinado at maka-mamamayang mga rebolusyonaryong organisasyon. Mapabubulaanan nito ang "teroristang" bansag na ikinakabit ng imperyalismong US at ng papet na rehimeng Partido at BHB. Higit dito, patitingkarin nito ang terorismo, pagkapasista at pagging mapang-api at mapang-abuso ng mga sandata-

**Mga tampok  
sa isyung ito...**

**Pagpupugay  
kay Ka Bino**

PAHINA 3

**Pakikibaka  
sa Hacienda Luisita**

PAHINA 6

**Paglaban sa Iraq**

PAHINA 8

hang pwersa ng kaaway.

Sa pamamagitan ng edukasyon at propaganda sa mamamayan tungkol sa CARHRIHL, maaarmasan sila ng dagdag na kaalaman tungkol sa kanilang mga karapatan at kung ano ang dapat gawin sa harap ng panunupil at mga paglabag ng kaaway.

Nagpahayag ng malakas na pagtutol sa CARHRIHL ang AFP at hindi natin inaabang seryosong palalaganapin ito sa kanilang hanay, sa PNP at mga elemento ng CAFGU. Pero palaganapin pa rin natin ito sa kanilang hanay, laluna sa nakabababang upisyal at ordinaryong sundalo, upang mahimok silang galangin ang mga probisyon nito.

Ang JMC ay malayong mas mainam na dulungan ng mga reklamo laban sa mga abusong militar kaysa sa Commission on Human Rights na nagsisilbi lamang sa GRP. Ang paglalantad sa JMC ng mga kasong ito ay maaaring makarenda sa labis-labis na pang-aabuso at paglabag ng kaaway.

Dapat ituro natin sa mga pwersa, baseng masa, alyado at

mamamayan ang mga ispesipikong hakbangin sa pagmamakismisa sa JMC.

Kailangang ilatag at palakin natin ang malawak na makinarya at mabilis na sistema ng pagsubaybay, pagdodokumento, pag-uulat at paglalantad sa publiko ng mga kaso ng paglabag ng AFP, PNP, CAFGU at iba pang pwersa ng kaaway.

Kasabay ng pagdaloy ng mga impormasyon sa linya ng mga hayag na makinarya, kailangan ding mahigpit na masubaybayan ng mga kinauukulan komite ng Partido at kumand ng BHB ang mga usapin at kaso sa iba't ibang antas. Kailangang mas palakin ang sistema ng pag-uulat at pag-subaybay sa mga sagupaan at insidente ng militar mula sa mga yunit ng BHB at lokalidad tungo sa mga prubinsya at rehiyon,

hanggang sa pambansang antas. Responsibilidad ng mga namumunong komite sa rehiyon ang agarang pagsasaayos sa kani-kanilang saklaw at pagbubuo ng mabilis na ugnayan sa kinatawan ng NDFP sa JMC at iba pang pambansang organo.

Palawakin at pasiglahin natin ang mga aksyon at protestang masa para ilantad, kundenahin at labanan ang mga paglabag sa mga karapatang-tao at internasyunal na makataong batas.

Paigtingin natin sa pamamagitan ng JMC, masmidya, mga aksyong masa at iba pang paraan ang paglalantad at pagkundena sa mga pinakamalaki at pinakamasahol na mga pasistang berdugo.

Sa paggana ng JMC, asahan nating sisikaping magamit ito ng GRP para siraan ang Partido, BHB at rebolusyonaryong kilusan. Kasabvat ang sarisaring kontra-rebolusyonaryo, tiyak na magpapakana ang GRP ng mga gawa-gawang kaso ng mga aksyong terorista at paglabag ng BHB sa mga karapatang-tao at internasyunal na makataong batas.

Kabilang sa mga gawa-gawa nilang isyu ang umano'y mga asasinasyong pulitikal, ekstorsyon, pagrerekut ng mga menor de edad sa BHB at iba pa. Ang pagpapasinungaling sa mga ito ay kailangang maagap na isagawa. Responsibilidad ito ng mga namumunong kadre ng Partido.

Kaalinsabay, dapat maging matalas at masinop din tayo sa



# ANG Bayan

Taon XXXV Blg. 8 Abril 21, 2004

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

[www.philippinerevolution.org](http://www.philippinerevolution.org).

Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa: [angbayan@yahoo.com](mailto:angbayan@yahoo.com)

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

## Nilalaman

Editoryal	1
Pagpupugay kay Ka Bino	3
Mga kasinungalingan ng AFP	5
Pakikibaka sa Hacienda Luisita	6
Paglaban sa Iraq	8
Israel, nangangamkam ng lupa	9
Balita	10



pagtaya sa mga implikasyon sa pulitika ng bawat taktikal na opensiba at operasyonong militar.

Sa kalakha'y mataas na pinahahala-gahan ng mga cadre, upisyal at Pulang mandirigma ang mga usapin sa pulitika sa pagsasagawa ng mga aksyong militar ng BHB. Gayunpaman, mahalagang mas pahigpitin pa ang pagtalima sa mga pamantayan ng Partido at CARHRIHL at iwasan ang mga kahinaan, kagyat na ituwid ang anumang pagkakamali sa ating panig at palakasin ang gawaing propaganda. Sikaping mahusay ang pagpapaliwanag ng mga yunit ng Partido at BHB hindi lamang sa baseng masa kundi sa malawak na publiko.

Sa katuus-tuusan, makakamit lamang ang mga pakinabang natin sa JMC sa pamamagitan ng puspusang pakikipaglaban din sa mga maniobra at mga pakanang psyops ng US, Malakanyang, AFP at iba pang kontra-rebolusyonaryo, sa loob at labas ng JMC.

Napakahalaga ng pukpukang pakikipaglaban sa propaganda at pagsagot sa mga paninirang anti-terorista ng kaaway at ng tuluy-tuloy na pagpalalawak at pagpapalalakas ng suportang pampolitika upang mahawan ang daan sa pagpatindihing ating armadong pakikibaka.

Mahigpit na hinihingi ito ng kasalukuyang napakalubhang krisis ng reaksyunaryong sistema at ng programa natin sa pagsusulong ng armadong rebolusyon sa higit pang mataas na antas. AB



## Pulang pagpupugay kay Silvino "Ka Bino" Clamucha

**N**oong hapon ng Marso 5, napatay si Kasamang Silvino "Ka Bino" Clamucha, 51, tagapagsalita ng Arnulfo Ortiz Regional Command ng BHB-Central Visayas. Kasama niyang namartir ang kapwa Pulang mandirigmang si Ka Kardo habang nakikipaglaban ang mga gerilya ng Chocolate Hills Command sa 302nd Infantry Brigade ng Philippine Army sa Barangay Liboron, Catigbian, Bohol.

**Dalawang dekadang makulay na pakikibaka.** Halos dalawang dekadang nag-alay ng kanyang angking talino't tapang sa sambayanang Pilipino si Ka Bino.

Galing sa mababang saray ng uring petibusges, ipinanganak siya sa Barangay Del Carmen Norte, Balilihan, Bohol. Pinalaki siyang mapagmahal at matulungan sa kapwa.

Una siyang namulat sa mga progresibong ideya nang mapasali sa anti-diktadurang pagkilos ng noo'y anti-Marcos na partidong PDP-Laban sa Davao del Norte noong 1982. Noong 1984, narekluta siya sa kilusang lihim at naging buong-panahong aktibista sa ligal na demokratikong kilusan. Noong 1988, sumapi siya sa Partido Komunista ng Pilipinas.

Bilang cadre, inatasan siyang pukawin, organisahin at pakilu-



sin ang mga estibador, maglalako at drayber sa Tagbilaran City at kanugnog nito. Isa siya sa mga gumanap ng malaking papel sa matatagumpay na welga ng mga manggagawa sa daungan sa panahong iyon. Nakatulong din siya sa pagkuha ng suporta ng mga panggitnang pwersa sa mga pakikibaka ng batayang masa. Tumulong siya sa pag-oorganisa ng mga magsasaka sa Balilihan kasabay ng paglulunsad ng mga kilos protesta laban sa mga maka-Marcos na pulitiko sa kanilang lokalidad. Pagkatapos ng EDSA I



noong 1986, pinamunuan ni Ka Bino ang rali-protesta ng ilandaang Balilihanon laban sa alkaldeng itinalaga ng bagong gubyernong Aquino.

Nang maging kasapi siya ng Komite ng Partido sa Bohol, itinalaga siya noong 1990 sa kanayunan at doo'y gumanap ng mga gawain at responsibilidad bilang kalihim sa iba't ibang seksyon ng Partido.

Malaki ang ginampanan niyang papel sa lahatang panig na pagpapanibagong-lakas ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon sa pagsisimula ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto noong 1992.

Ipinadala siya noong huling bahagi ng 1992 sa larangang gerilya sa gitnang hilagang Cebu upang palaganapin ang kilusang pagwawasto. Kalaunan ng 1995, delegado siya sa Ikalawang Panrehiyon Kumperensya ng Partido at nahalal bilang regular na kasapi ng Komiteng Rehiyon. Agad siyang inatasang mamuno sa rebolusyonaryong gawain sa kalunsuran ng Cebu.

**Pagtupad sa dalawang susing gawain.** Sa panahong ito, naipatupad ni Ka Bino ang dalawang susing gawain para sa lahatang-panig na pagsusulong ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon. Una, binuklod niya ang lahat ng mga organo ng Partido sa kalunsuran alinsunod sa papel ng mga pwersa sa mga lunsod at bayan at buong Central Visayas. Ikalawa, tiniyak niya ang patuloy na *deployment* ng marami-raming kadre at aktibistang masa sa

kanayunan laluna mula sa edukadong kabataan at panggitnang pwersa.

Noong 1998, nahalal si Ka Bino sa Komiteng Tagapagpaganap bilang pangalawang kalihim ng Komiteng Rehiyon ng Partido sa Central Visayas (KR-CenVis). Itinalaga rin siyang tagapagsalita ng Arnulfo Ortiz Regional Operational Command ng BHB.

Sa panahong iyon, dramatikong umunlad ang apat na larangang gerilya sa Bohol at Cebu.



Malaki ang papel ni Ka Bino sa pagpaplano at paglulunsad ng mapangahas at naging bantog na pagsalakay sa himpilan ng 7th Regional Mobile Group - Combat Support Company (RMG-CSC) sa Barangay Rizal, Batuan noong Hunyo 11, 1999. Sa pamamagitan ng panlalansi, matagumpay na nakaagaw ang BHB ng 60 malalakas na rifle, isang 60-mm mortar, isang M60 light machine gun, mahigit 30 maiikling baril at iba pang kagamitang militar. Ito ang pangalawang pinakamalaking bilang ng mga armas na nasamsam sa buong bansa sa isang aksyon militar mula nang ilunsad ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto.

Noong maagang bahagi ng taong 2000, pinamunuan ni Ka Bino ang Chocolate Hills Command at personal niyang inasikaso ang pagpaplano at implementasyon ng isa pang matagumpay na taktikal na opensiba. Noong Marso 2, sa pamamagitan ng taktikang panlalansi, anim na elemento ng

Special Forces at apat na CAFGU ang namatay sa isang ambus sa Barangay Sta. Catalina, Sagbayan. Noong 2001, pinangasiwaan ni Ka Bino ang lahat ng larangang gerilya sa isla una, bilang pinuno ng Bohol Area Command Conference at kalauna'y Bohol Island Conference.

Kabilang si Ka Bino sa matagumpay na bumigo sa kontrarebolusyonaryong kampanya ng Task Group Bohol ng AFP mula Setyembre 1999 hanggang Mayo 2000 at sa 301st Brigade mula Hunyo 2000 hanggang Marso 2001.

**Sustenidong pag-unlad.** Sa pamumuno ni Ka Bino, nagpatuloy sa pag-unlad ang rebolusyonaryong baseng masa sa Bohol. Mahigit kalahati ng mga baryo sa isla ay nasasakupan ng iba't ibang larangang gerilya. Sa mga baryong ito, binubuo ang mga organo ng kapangyarihang pampolitika kasa-bay ng mga organisasyon ng mga magsasaka, kababaihan, kabataan at mga grupong suporta.

Upang maisulong ang antipyodal na pakikibaka at maibsan ang karalitaan sa kanayunan, pinamunuan nina Ka Bino ang pagpapatupad ng minimum na programa ng rebolusyonaryong agraryo.

Bukod sa pagpapababa ng upa sa lupa at usura, pagpapataas sa sahod ng mga manggagawang bukid at presyo ng mga produktong agrikultural at pagtaguyod ng mga proyektong mapagkukunan ng dagdag na mapagkakitaan, isinulong ang mga programa sa kalusugan at kalinisan at mga kompanyang masa laban sa mga kontra-magsasakang *presidential proclamation*, programa ng plantas-

"*Ka Bino..*", sundan sa pahina 5



# Mga intriga ng AFP, pinabulaaan

**M**alaking kasinungalingan! Ito ang idineklara ni Jorge "Ka Oris" Madlos, tagapagsalita ng NDF-Mindanao, sa ikinakalat na bungkos ng itim na propaganda ng Armed Forces of the Philippines (AFP). Sa desperasyong matabunan ang mga tagumpay ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at ang pagkakahiwala ng AFP sa mamamayan bunga ng malawakang paglabag sa karapatang-tao, nagpakawala ito ng mga pinaghalong bahagyang katotohanan, hakahaka, o kundi man, mga gawa-gawang istorya:

► Ibinalita ng AFP noong Abril 4 na may dalawang gerilya ng BHB na napatay sa isang engkwentro sa pagitan nila at 9th IB sa Lantad, Balingasag, Misamis Oriental. Nang imbestigahan, lumabas na dalawang CAFGU ang namatay at limang tropa ng 9th IB ang nasugatan. Naagawan pa sila ng BHB ng isang M14.

► Hinoldap diumano ng BHB noong Abril 2 ang pangkat ni ex-Mayor Orquina sa Barangay Hinatigan, Bakwag, Surigao del Norte. Pinatay ang kanyang eskort at nilimas pa ang kanilang mga armas at personal na kagamitan. Pero nabunyag na ang may kagagawan nito ay mga lokal na bandido, na may kontak sa militar. Isa rito ay si SPO2 Allan Ebol.


► Mababa na raw ang moral ng BHB. At patunay nito, ayon sa militar ay ang pagsuko ng may 50 rebelde sa Agusan at Surigao del Norte. Pero ang totoo: Ang mga ito ay mga huwad na surrender—mga

pinagsamang huwad na gerilya ng BHB at lokal na bandido na paulit-ulit pinasusuko ng pamunuan ng 4th ID. Sa ganitong malaking raket, nakakamat ng mga upisyal ng militar ang mga pondo para sa "peace and order" at "rebel returnee".

► Muling naglaway ang mga bayarang propagandista ng militar dahil anim ang napabalitang napatay na Pulang mandirigma sa isang engkwentro laban sa 36th IB sa Barangay Awaw, Monkayo, Compostela Valley noong Marso 30.

Ang naengkwentro ng 36th IB ay ang panatikong grupong Remnants of the Family of God na inorganisa at pinopondohan ng AFP. Isang sundalo at anim na kasapi ng armadong kulto ang namatay at nasugatan ang isang elemento ng CAFGU.

► Sinalakay ng mga tropa ng AFP ang isang grupo ng BHB sa Barangay Salug, Agusan del Sur.



Naagaw daw ang apat na armas nito. Ang totoo, isang *asset* ng Philippine Army ang nagnakaw ng mga armas na pag-aari ng mga lokal na residente. Walang putukan nangyari.

► "Sila-sila mismo ang nagpatayan..." hiyaw ng militar. Anim umano ang namatay na mga Pulang mandirigma nang magkaengkentro ang dalawang yunit noong Marso. Nang masiyasat, walang nangyaring insidente sa nabanggit na hangganan ng La Paz, Agusan del Sur.

► Napatay diumano ng AFP ang walong Pulang mandirigma sa isang engkwentro sa Alegria, Surigao del Norte noong Marso 11, 2004. Ang totoo, tatlong kasama ang nasawi, at hindi walo, tulad ng ibinalita ng militar. AB

**"Ka Bino...," mula sa pahina 4**

yon sa palm, at ang tinaguriang mga "mega project" at pakanang "poverty alleviation" na pinopondohan ng mga imperyalistika.

**Saludo!** Tumulong din sa pagpapaunlad ng armadong pakikibaka sa kalapit na mga isla ang KR-

CenVis. Pinamunuan ni Ka Bino ang pagpaplano at implementasyon ng matagumpay na taktikal na opensiba sa Mahaplag, Leyte noong Setyembre 20, 2002. Anim na tropa ng Scout Ranger ang namatay sa labanang ito.

Ilang buwan bago siya nasawi, pinamunuan ni Ka Bino ang pagbubuo ng isa pang larangang

gerilya sa Central Visayas.

"Tunay ngang isa siya sa pinakamahuhusay na anak ng herenasyong ito," pagpupugay ng KR-CenVis, ng Arnulfo Ortiz Regional Operational Command at buong rebolusyonaryong kilusan sa Kabisayaan at buong kapuluan.

Sumasaludo sa kanya ang sambayanang Pilipino!



# Tuloy ang pakikibaka para sa lupa sa Hacienda Luisita

**H**alos limang dekada na ang nakalilipas mula nang unang mangako ang pamilyang Cojuangco na ipamamahagi sa mga manggagawang bukid ang Hacienda Luisita. Magpahanggang ngayon, wala ni isang manggagawang bukid ang nabiyaayan ng pangakong ito. Sa halip, unti-unting tinatanggal sa kanila ang mga batayan ng pag-angkin hindi lamang ng lupang ilang dekada na nilang binubungkal kundi pati ng mga lupaing kinatitirikan ng kanilang mga bahay at komunidad. Unti-unti silang itinataboy sa asyenda upang bigyang-daan ang di produktibong ispekulasyon sa lupa at malawakang pagpapalit-gamit nito.

Napasakamay ng pamilyang Cojuangco ang Hacienda Luisita nang gawing kundisyon ang pagbili nito kasabay sa pagbili sa Central Azucarera de Tarlac (CAT) mula sa TABACALERA, isang kumppanyang Amerikano, noong 1957. Upang mabayaran ang CAT, ginarantiyahan

noon ng reaksyunaryong gubyerno ang pangungutang ng mga Cojuangco sa isang bangkong Amerikano sa kundisyon "ipamamahagi ang Hacienda Luisita sa maliliit na magsasaka alinsunod sa programa ng Administrasyon sa panlipunang katarungan."

Pinautang din ng Government Service Insurance System (GSIS) ng P7 milyong ang pamilya upang hiwalay na bayaran ang asyenda. Ito ay sa kundisyon ang mga loteng bumubuo sa asyenda ay hahati-hatiin sa hanay ng mga kasamá. Walang ipinuhunan ang mga Cojuangco sa pagkabili nila sa CAT at Hacienda Luisita kundi ang pangakong ibabalik sa mga lehitimong may-ari nito ang kanilang karapatan sa lupa.

Gayunpaman, bigo ang unang henerasyon ng mga manggagawang bukid na papanagutin ang pamilyang Cojuangco. Gomit ang kanilang kapangyarihan sa reaksyunaryong gubyerno, nagmaniobra, nanlinlang at gumamit ng dahas ang mga Cojuangco upang tiyakin na hindi kailanman mapa-

pasakamay ng mga manggagawang bukid ang mahigit 6,000 ekarya ng asyenda. Lalong lumakas ang burukrata-kapitalistang kapangyarihan ng pamilya paglipas ng panahon.

Umabot ito sa sukduilan nang mailukllok bilang presidente ng bansa si Corazon Cojuangco-Aquino, nakababatang kapatid ni Jose "Peping" Cojuangco na siyang may pinakamalaking bahagi sa Hacienda Luisita. Nagmaniobra si Aquino upang iatras ang mga desisyon ng reaksyunaryong korte na nag-uutos ng pamamahagi ng lupain ng asyenda. Sa ilalim ng kanyang rehimeng, isinabatas ang mapanlinlang na Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP). Iniluwäl ng CARP ang iskemang stock transfer. Dito, maaaring

itakda ng panginoong maylupa ang halaga ng lupa at gawin itong mga sapi.

Sa halip na ipamahagi ang lupa, mga sapi na lamang ang ipamamahagi sa mga manggagawang bukid. Upang matiyak ng panginoong maylupa na mapupunta sa kanya ang pinakamalaking bahagi ng mga sapi, karaniwang pinaliliit ang halaga ng mga lupang agrikultural at pinalalaki ang iba pang gamit sa produksyon na tuwiran nitong hinahawakan.

## Stock distribution option

Sa Hacienda Luisita, tinawag ang iskemang ito na Stock Distribution Option (SDO) at ipinatupad simula 1989. Sa ilalim ng SDO, hindi lamang muling nakalusot ang pamilyang Cojuangco



sa ilang dekadang pananagutan nito. Sa pamamagitan ng pamamahagi ng walang saysay na sapi sa Hacienda Luisita, Inc. (HLI), inilatag nito ang batayan upang angkinin ang asyenda nang wala nang anumang ligal na sagka. Pinahina nito ang pusisyon ng mga manggagawang bukid bilang mga lehitimong may-ari ng lupa at anti-unting pinapawi ang kanilang karapatan dito.

Hindi ipinagbawal sa ilalim ng SDO ang pagbebenta ng lupa ng mga may-ari nito. Gamit ang kapangyarihan nito sa lokal na gobyerno, ipinabago ng pamilyang Cojuangco ang klasipikasyon ng 3,290 ektarya o halos 67% ng buong asyenda tungo sa lupang maaaring ipailalim sa kumbersyon. Limandaang ektarya ang agad na ibinenta sa Itutsu at Hasama, mga korporasyong Hapon. May ilandaang ektarya rin ang nakalaan para sa konstruksyon ng bahagi ng Subic-Clark-Tarlac Expressway Project na nakatakdang ilatag noon pang 2003.

Upang maiwasang mapunta sa mga manggagawang bukid ang kita sa pagbebenta ng lupa, ang kapital ay pinaiikot ng pamilyang Cojuangco sa HLI at iba pang korporasyong pag-aari ng kanilang angkan. Ibinebenta muna ng mga Cojuangco ang lupain sa iba pa nitong kumpanya sa mababang halaga bago ito ibenta sa mga dayuhang korporasyon sa mas mataas na halaga. Halimbawa, noong 1996, ibinigay ng HLI ang 300 ektarya sa Centenary Holdings Incorporated (CHI), isa ring kumpanya ng mga Cojuangco, kapalit ng P12 milyong halaga ng sapi nito. Noong 1998, ibinenta ng CHI ang naturang 300 ektarya sa halagang P750 milyon! Noong 2001, nagrehistro ng netong kita

na mahigit P125 milyon ang CHI habang ang HLI, orihinal na mayari ng lupa, ay nagtala lamang ng P14 milyong kita. Naubos ang netong kita ng CHI sa gastusin para sa matataas na upisyal ng kumpanya at iba pang "pangkalahatang gastusin."

Buo ang kontrol ng pamilyang Cojuangco sa pagpapatupad ng iskemang SDO. Lubusan nitong kinokontrol ang Board of Directors ng HLI hindi lamang dahil hawak nito ang kontrol sa kalakhan ng mga sapi sa HLI. Sa loob ng 14 na taon, hawak din ng mga Cojuangco ang mga halal na kinatawan ng mga manggagawang bukid at superbisor na nakaupo sa Board. Nakipagsabwatan ang mga ito sa mga maniobra at panlilinlang ng pamilyang Cojuangco.

#### **Paglaban ng asyenda**

Sa harap ng lahat ng mga ito, walang mapagpipilian ang mga manggagawang bukid kundi labanan ang anti-unting pagtataboy sa kanila mula sa kanilang lupain. Noong Setyembre 2003, ipinamalas nila ang kanilang pagkadismaya sa iskemang SDO nang iboykot nila ang eleksyon para sa kanilang mga kinatawan sa Board of Directors ng HLI. Itinakwil nila ang mga dilawang lider na malaon nang nakikipagsabwatan sa pamilyang Cojuangco at muling iginiit ang kanilang lehitimong karapatan na magmay-ari ng lupa sa asyenda.

Bago ito, nakipagkaisa ang mga

---

#### **Hindi sa lahat ng pagkakataon epektibong magagamit ng mga Cojuangco ang kanilang burukrata-kapitalistang kapangyarihan.**

---

manggagawang bukid sa welga ng mga manggagawa ng CAT noong Pebrero 2003. Kasabay ng kanilang pagtutol sa iskemang SDO, tinutulan din nila ang pagpapaliit ng bilang ng araw ng paggawa (*man days*), pagkakait ng mga benepisyos, ang malawakang kumbersyon ng lupa sa asyenda at militarisasyon ng kanilang mga komunidad. Hiningi nila sa mga ahensya ng gobyerno ang kagyat na pagbabasura ng iskemang SDO at pagpapatupad sa nauna nang mga dikreto at kasunduang ligal kaugnay ng pamamahagi ng lupa sa asyenda.

Papaigting ang laban sa pagitan ng pamilyang Cojuangco at mga manggagawang bukid. Upang epektibong malabanan ng mamamayan sa loob ng asyenda ang papasahol na panlilinlang at pandarahas ng mga Cojuangco, kailangang tiyakin ang pagpapatatag ng kanilang mga organisasyon at pagpapalawak ng kanilang mga alyansa sa loob at labas ng asyenda.

Hindi sa lahat ng pagkakataon epektibong magagamit ng mga Cojuangco ang kanilang burukrata-kapitalistang kapangyarihan. Maaaring samantalahan ang girian na likas sa hanay ng mga reaksyunaryo at samantalahan ang mga kahinaan ng pamilya laluna sa panahong wala sa naghaharing pangkatin ang kanilang angkan.

Gayunpaman, hangga't hindi naibabagsak ang malapyudal na kaayusang nagpapanatili sa pamilyang Cojuangco at iba pang malalaking panginoong maylupa, patuloy na ipagkakait sa lahat ng mga kasamá at mahihirap na magsasaka ang kanilang lupa. Tanging ang pambansa-demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan ang lubusang makalulutas sa suliranin ng magsasaka sa lupa.



# Bagong antas ng pakikibaka sa Iraq

**N**ang madakip ng mga tropang Amerikano si dating Pres. Saddam Hussein noong Disyembre 2003, inakala ng US na hihina at huhupa na ang paglaban ng mga Iraqi. Sa halip, nag-ibayo pa ang armadong pakikibaka ng sambayanang Iraqi laban sa mananakop.



**Lumalawak na patriyotikong pagkakaisa.** Isang armadong pag-aalsa ng mga Shi'ite sa bansa ang sumiklab noong Abril 4.

Ang mayoryang etniko-relihiyosong grupong Arab Shi'ite ay kabilang sa mga pwersang maagang nagpahayag ng pagtutol sa pananakop ng US sa Iraq. Sa matagal na panahon, nanawagan silang patalsikin ang US at lusawin ang papet na Iraqi Governing Council (IGC) sa pamamagitan ng relatibong mapapayapang martsa at aksyong protesta sa Baghdad at iba pang lunsod. Ang organisadong pagtutol ng mga Shi'ite ay pinangungunahan ni Moqtada al-Sadr, isang lider relihiyoso.

Matapos ang walang pakundangang pamamaril ng mga sundalong Amerikano sa isang pulutong ng mga Shi'ite sa Sadr City kung saan dalawang Iraqi ang napatay, inianunsyo si Sadr noong Oktubre 2003 ang pagtatayo ng nagsasariling gubyernong Iraqi. Nagsindi ang mitsa ng kaguluhan

nitong Marso 28 nang ipag-utos ng US ang pagpapasara sa isang pahayagang kontrolado ng grupo ni Sadr dahil sa pagtuligsa nito sa mga mananakop. Makaraan ang limang araw, nanawagan na si Sadr sa kanyang mga tagasunod na maglunsad ng mga armadong bira sa mga mananakop.

Bago pa man sumiklab ang pag-aalsang Shi'ite, may malaganap nang kilusang gerilya ng iba't ibang patriyotikong pwersa sa Iraq, na kalakha'y kabilang sa etniko-relihiyosong grupong Arab Sunni, na bumubuo ng humigit-kumulang 20% ng mamamayan. Sa paglahok ngayon dito ng mga Shi'ite, na bumubuo sa mahigit 60% ng mamamayan, sumaklaw na sa kalakhan ng Iraq ang armadong paghihimagsik.

Sa simula pa lamang ng pananakop, nagsikap ang US na gatungan ang mga pagkakaiba ng mga Shi'ite at Sunni upang hatiin ang mamamayang Iraqi at pahinain ang kanilang kakayahang lumaban.

Mula Abril ng taong ito, dinanas ng mananakop na koalisyon pinamumuan ng US ang pinakamatitinding bira ng lumalabang mamamayang Iraqi. Mahigit 80 sundalong Amerikano na ang namatay sa mga opensibang Iraqi ngayong buwan. Umaabot na sa 700 ang bilang ng mga Amerikanong namatay sa Iraq mula nang sakupin ng US ang bansa noong Marso 2003.

Taliwas sa inaasahan ng US, napapanday ngayon ang mas malawak at mas matibay na pagkakaisang Iraqi na nagsasaisanta-bi sa mga pagkakaibang etniko at relihiyoso at naghuhudyat ng panibagong antas sa kanilang pakikibaka para sa pambansang kalayaan. Sa iba't ibang moske sa Iraq ngayon, sama-sama nang sumasamba ang dating magkatunggalinan mga Sunni at Shi'ite. Sa Fallujah at iba pang lunsod kung saan mayorya ang mga Sunni, sinasalubong ang grupo ni Sadr at ipinagbubunyi sila bilang mga bayani.

Mababangis na operasyong militar ang tugon ng US sa lumalaganap na paglaban. Bunsod nito, hindi na rin matiis maging ng ilang upisyal ng IGC na patuloy na manahimik. "Henosidyo ito!" ani Ghazi Ajil al-Yawer, isang myembro ng papet na konseho, bilang reaksyon sa mga aksyon ng US sa Fallujah nitong nakaraang linggo. Umabot sa 450 Iraqi ang napatay



at 1,000 ang nasugatan sa naturang mga operasyon.

Dahil din dito, nagbitiw sa pwesto ang ministro sa karapatang-tao at isang panghaliling pangulo ng IGC.

Maging ang mga sundalo at pulis na nirekluta ng papet na gubyerno sa Iraq ay hindi mapagkatiwalaan ng US at ng IGC. May ilang pagkakataon na silang tumangging lumaban sa mga kapwa Iraqi. Noong isang linggo, halimbawa, tumanggi ang mga tropa ng papet na Iraqi Armed Forces na sumama at sumuporta sa US Marines laban sa mga nag-aalsang Shi'ite.

**Nayayanig ang koalisyon.** Ang umiigting na paglaban ng mga Iraqi ay yumayanig ngayon sa koalisyon pinamumunuan ng US. Lumalawak sa mga bansang kabilang sa koalisyon ang pagtutol sa gera at ang panawagang pauwiin na ang mga tropa nila sa Iraq.

Ang pagtutol ay lalo pang pinasidhi ng serye ng mga pagdokot ng mga pwersang Iraqi sa mga dayuhan mula sa mga naturang bansa. Di bababa sa 15 mga dayuhan ang pinaniniwalaang bihag ngayon ng mga nag-aalsang Iraqi.

Iginigiit nilang kapalit ng pagpa-

palaya sa mga bihag ang paglayas ng mga pwersang mananakop mula sa bansa.

Isa-isa ngayong nag-aatrasan ang mga bansang kabilang sa koalisyon. Sa susunod na mga linggo, aalis na sa Iraq ang tropa ng Kazakhstan. Nito namang Abril 19, sinimulan na ng Spain ang proseso ng pagpapauwi sa mga sundalo nito sa Iraq. Nagpasya na ring umatras ang Honduras at Nicaragua.

Lahat ng iba pang gubernong sumusuporta sa gera ng US sa Iraq ay sumasailalim sa matinding presyur mula sa kani-kanilang mamamayang tumututol sa mananakop.

Anu't anuman, ibayong nalalantad ngayon ang pagiging tigreng papel ng mananakop na koalisyon. Magpilit pa mang manatili nang matagal sa Iraq ang US at mga kaalyado nito sa kabilang tuluy-tuloy na mga pagkatalo sa labanan at mariing internasyunal at lokal na mga protesta at presyur, matatali ito sa lumalalang depensibong katayuan na hahantong lamang sa tiyak na pagkatalo. AB



## Sharon Plan, isang tusong pakana

**N**itong Abril, sa tahasang basbas at suporta ng US, isa na namang tusong pakana ang iniaabante ng rehimeng Sharon ng Israel upang anti-unting gawing permanente ang kanilang okupasyon sa lupain ng mga Palestino.

Sa ilalim ng planong ito na tinaguriang Sharon Plan, kunwa'y boluntaryo nang iiwan ng Israel ang mga kolonya nila sa Gaza Strip kapalit ng permanenteng pananatili ng mga kolonya nila sa halos kalahati ng lupa sa West Bank, na tulad ng Gaza Strip ay territoryo rin ng Palestine. Anim na malalawak na bloke ng mga kolonya ng Israel ay palalawakin at permanenteng ookupahan ng Israel. Dagdag dito, hindi na papayagan ang mga Palestinong napalayas noong 1948 at 1967 na muling makabalik sa kanilang bansa.

Tahasang nilalabag ng Sharon Plan ang mga probisyon sa internasyunal na batas na kumikilala sa karapatang makabalik sa kanilang pinanggalingan ang milyong Palestino na nakadistiyero. Nilalabag nito maging ang tusong pakana ng US noong 2003 na "Roadmap" tungo umano sa pagkakamtí ng kapayapaan sa pagitan ng Palestine at Israel. Tahasang nakasaad rito ang pagbabawal muna sa pagpapalawak ng mga kolonya ng Israel sa mga territoryo ng Palestine hanggang sa kalauna'y lubusan nang pagapapaalis sa lahat ng mga ito.

Ang Sharon Plan ay isa lamang sa pinakahuling mga maniobra ng Israel at US. Bago ito, tahasang binalewala ng dalawa ang malawakang panawagan na buwagin ang "security barrier" na itinayo ng Israel sa loob ng Palestine. Pinaigting din ng Israel ang pananalakay sa loob ng Palestine at pagpatay sa mga tampok na personalidad na nangunguna sa paglaban sa okupasyon ng Israel. Noong Marso 22, pinatay ng mga pwersang Israeli si Sheik Ahmed Yassin, tagapagtatag ng HAMAS, isang armadong grupong Palestino na

## Mga kasapi ng Karapatan, ginawang hostage ng militar

IKINULONG nang isang araw sa loob ng Philippine Independent Church sa Roxas, Oriental Mindoro noong Abril 17 ang 61 kasapi ng Tanggol Karapatan-Southern Tagalog. Malisyoso silang pinagbintangang kumakandili ng isang sugatang Pulang mandirigma sa loob ng simbahan. Gamit ang ganitong walang batayang paratang, tahasang nilabag ng militar ang mga karapatan ng grupo.

Kagagaling lamang ng grupo sa karatig-bayan ng Bongabong para sa isang *fact finding mission*. Ilang araw bago ito, naiulat ang pagpatay ng militar sa isang pitong taong-gulang na bata matapos magkaroon ng engkwento sa pagitan ng mga militar at ng BHB sa lugar. Naiulat din ang pagdukot kay Edwin Macarinas, lokal na *coordinator* ng partidong Anakpawis sa lugar. Natagpuan siyang patay malapit sa lugar kung saan siya dinukot.

Dumating sa simbahan ang grupo ng Karapatan-ST upang magpahinga at magpalipas ng gabi. Bandang alas-4:00 ng madaling araw nang palibutan sila ng mga 20 militar na naka-*bonnet* at armado ng matataas na kalibreng baril. May hinahanap diumano ang mga militar na sugatang tropa ng BHB.

Walang nakitang rebelde ang pinapasok ng militar na hepe ng pulisia ngunit hindi pa rin agad pinahintulutan ng militar na makaalis ang grupo sa kapilya. Berbal silang inabuso ng militar. Pinalaya lamang ang grupo bandang alas-4:00 ng hapon nang mamagitan sa militar ang bise gubernador ng Mindoro. Dumating na rin ang mga kagawad ng midya.

### mula sa pahina 9

matinding lumalaban sa okupasyon ng Israel sa Palestine. Nitong Abril 17, si Abdel Aziz Rantissi, na kahahalili pa lamang kay Yassin, ang siya namang pinatay ng mga Israeli.

Sunud-sunod ang mga pagdiriwang at pagpupugay sa sarili ng mga upisyal ng US at Israel sa pagkakapatay nila sa mga lider ng HAMAS. Itinuturing nilang malalaking tagumpay ang mga operasyong ito. Nagpahayag naman ng matinding pagkundena sa mga pangyayaring ito ang mga Palestino at iba pang mamamayang Arabe at ang mga demokratiko at progresibong pwersa, malawak na mamamayan, at karamihan ng mga bansa sa daigdig.

AB

## KAGUMA, 33 taon na

IPINAGDIWANG ng mga rebolusyonaryong guro noong Marso 28 ang ika-33 anibersaryo ng KAGUMA o Katipunan ng mga Gurong Makabayan sa pamamagitan ng paglulunsad ng isang *lightning rally* sa Maynila.

Ang KAGUMA ay isa sa 16 na alyadong rebolusyonaryong organisasyon ng National Democratic Front of the Philippines. Itinatag ito bilang ligal na organisasyon ng mga guro sa ilang kolehiyo at mababang paaralan sa Metro Manila. Naging lihim na organisasyong masa ito nang ideklara ni Marcos ang batas militar noong Setyembre 21, 1972. Marami sa mga kasapi nito ang sumapi sa Bagong Hukbong Bayan. Di iilan sa kanila ang hinuli, tinortur at pinatay ng mga militar. Samantala, ang mga nanatili sa kanilang pagtuturo ay nagpatuloy sa pag-oorganisa sa hanay ng mga guro sa mga lunsod at komunidad.

Ayon kay Ka Cesar Magturo, ang pambansang tagapangulo, at Ka Gary, kasapi ng pambansang kalihiman ng KAGUMA, nabubuhay ang komitment nito sa rebolusyonaryong edukasyon sa pamamagitan ng paglulunsad ng mga kampanyang literasiya at numerasiya sa mga territoryo ng rebolusyonaryong kilusan. Dito pinalalaganap ng kanilang mga kasapi ang kasanayan sa pagtuturo sa syensa at mga adhikain ng rebolusyon kasabay ng pagtitipon ng mga materyal na suporta sa armadong pakikibaka. Patuloy din nilang minomobilisa ang mga kapwa nila guro upang ipaglaban ang kanilang sektoral na mga interes at kapakanan.

Bunga ng mga kamalian at disoryentasyon, marami sa mga kasapi ng organisasyon ang tumigil sa pagkilos noong dekada 1980. Ngunit nakabawi na ito ng lakas dulot ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto ng Partido. Batay sa talaan ng Ikatlong Kongreso nito na idinaos sa isang sonang gerilya sa Central Luzon noong 2003, ang KAGUMA ay may kasapian ngayong mahigit isang libo sa buong bansa.

Sa kanilang pang-anibersaryong pahayag, nagbigay-pugay ang KAGUMA sa mga martir nito tulad nina Jessica Sales, Evelyn Pacheco, Deodoro Buatis, Manuel Guianga Ola, Rafael Quejada, Luz Pagobo, Jun Geronimo, Rey Rubin, Nona Santaclara, July Mendoza, Ka Gabby Gaveria at Ka Toy.



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas  
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-MaoismoTaon XXXV Blg. 8  
Abril 21, 2004

www.philippinerevolution.org

## Editoryal

# Paghandaan ang pagpapatupad ng JMC

**N**akapagpulong na ang Joint Monitoring Committee (JMC) na siyang mangangasiwa sa implementasyon ng Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL).

Kapakipakinabang sa sambayanan at rebolusyon ang pagbubuo at pagpapagana ng JMC laluna sa harap ng paparaming kaso ng pasistang abuso kaakibat ng pag-igting ng "gera laban sa terorismo." Ito ang tatanggap at mag-iimbestiga sa mga reklamo ng paglabag sa CARHRIHL.

Ang CARHRIHL ay umiiral bilang mahalagang dagdag na pamantayan sa paggalang sa mga karapatang-tao at internasyunal na makataong batas.

Nilalaman nito ang buong saklaw ng mga karapatang-tao na kinabibilangan ng mga karapatang sibil at pampolitika, pang-ekonomya, panlipunan at pangkultura. Batay ito sa pinagdaanan at mga kongkreto ng karanasan ng sambayanang Pilipino at sa umiiral na sitwasyon sa bansa.

Taliwas ang CARHRIHL sa kasalukuyang konduktu ng isinasa-gawang kontra-rebolusyonaryong



digma ng estado na walang sinasantong batas.

Makatutulong ang CARHRIHL bilang dagdag na gabay at mga paalala sa mga rebolusyonaryong pwersa kaugnay ng mahusay na konduktu sa pagharap nila sa masa at sa kaaway. Sa pagtalima rito, higit nating maipakikita na ang Partido at BHB ay prinsipyado,

do, disiplinado at maka-mamamayang mga rebolusyonaryong organisasyon. Mapabubulaanan nito ang "teroristang" bansag na ikinakabit ng imperyalismong US at ng papet na rehimeng Partido at BHB. Higit dito, patitingkarin nito ang terorismo, pagkapasista at pagging mapang-api at mapang-abuso ng mga sandata-

**Mga tampok  
sa isyung ito...**

**Pagpupugay  
kay Ka Bino**

PAHINA 3

**Pakikibaka  
sa Hacienda Luisita**

PAHINA 6

**Paglaban sa Iraq**

PAHINA 8